

Mag-ingat sa Touting

Madalas may mga tagalabas na nagnenegosyo ng claims recovery nang patago malapit sa Dibisyon sa Kabayaran ng Mga Empleyado ng Kagawarang ito at sa mga ospital. Sa pamamagitan ng maintenance at champerty (paghihikayat ng ahente sa isang tao na magsumite ng kaso at pagbabayad ng ahente sa kaso), maaaring gumawa ang mga tinatawag na “mga recovery agent” ng kabayang ibabayad sa mga biktima ng kaso ng personal na pinsala, na magpapahamak sa kanilang karapatan at interes sa kabayaran.

Sa ilalim ng batas ng Hong Kong, ang sinumang gagawa ng maintenance at champerty ay nagkasala at mapaparusahan ng multa o hanggang pitong taong pagkakabilanggo kapag nahatulan.

Sa pamamagitan ng paghikayat, maaaring gumawa ang “mga recovery agent” ng kasunduan sa mga biktima ng aksidenteng may kinalaman sa trabaho o trapiko, sa ilalim ng kasunduan, babayaran ng “mga recovery agent” ang mga paghahabol ng mga biktima (tulad ng pagbayad sa mga gastos sa hukuman ng mga biktima) kapalit ng kabayaran na makukuha. Dapat maging mabahala sa touting at, kung kinakailangan, maghanap ng wastong ligal na payo o representasyon, o tulong mula sa mga kagawaran ng pamahalaan tulad ng Kagawaran ng Legal Aid, Kagawaran ng Paggawa at Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan o Samahan ng Mga Abogado sa Hong Kong.

Karaniwang malinaw na papayuhan ng ligal na kinatawan ang biktima kung wasto ang paghahabol, ang posibleng gastos sa hukuman, at paano sisingilin ang mga ligal na bayarin at gastos. Karaniwang nakabatay ang mga ligal na bayarin sa dami ng serbisyong propesyonal na ibibigay (halimbawa bawat oras) at nakabatay sa iba't-ibang mga kadahilanan tulad ng hirap ng paghahabol. Ang mga abogado sa Hong Kong ay nasa ilalim ng mga kaugnay na batas at propesyonal na alituntunin ng kaugalian, at pinagbabawalan na gumawa ng kabayaran ng taong naghahabol.

Ang touting ay mahigpit na pinagbabawal ng kagawarang ito at ng mga ospital. Para pangalagaan ang iyong interes, kung lalapitan ng “mga recovery agent”:

HUWAG TUMUGON sa touting, at HUWAG magsabi sa kanila tungkol sa kaso ng pinsala o huwag magsabi sa kanila tungkol sa iyong mga detalye para maiwasang maabuso ang iyong personal na impormasyon.

HUWAG PUMIRMA sa anumang dokumento, o maaari kayong humarap sa hindi inaasahang ligal na problema o pinansyal na sagutin sa hinaharap.

HUWAG MANIWALA sa biglaang propaganda tulad ng “kapag talo, walang bayad”, “libre”, o “garantisadong walang panganib” at “malaking halaga ng kabayaran”.

HUWAG SILANG SUBUKAN sa pamamagitan ng pagtanggap ng serbisyo ng “mga recovery agent”, dahil maaari kang magbayad ng malaking kabayaran at gastos sa pag-asikaso sa “mga recovery agent” kung sa huli ay hindi mo na kukunin ang kanilang mga serbisyo.

Sinuman sa tingin nila ay ginugulo sila ay dapat makipag-ugnayan agad sa Pulisya para sa tulong.

Kagawaran ng Paggawa